EXCERPT FROM THE JOURNAL OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF GERONA, HELD AT THE SESSION HALL, ON MONDAY, 21 JULY 2014 AT 9:00 A.M.

PRESENT:

Hon. Holden N. Sembrano	-	Municipal Vice Mayor and Presiding Officer
Hon. Eloy C. Eclar	-	Municipal Councilor
Hon. Agerico S. Batenga	-	-do-
Hon. Edwin R. Yamoyam	-	-do-
Hon. Eufrocino A. Bartolome, Jr.	-	-do-
Hon. Pacifico L. Agudo	-	-do-
Hon. Daisy Diamsay-Mamba	-	-do-
Hon. Raul P. Cruz	-	-do-
Hon. Leopoldo S. Trivinio	-	-do-

ABSENT:

Hon. Ronnie R. Jumawid, Sr.	-	ABC President

RESOLUTION BILANG 169
Serye ng 2014

RESOLUSYONG
IPINAPAABOT NG SANGGUNIANG BAYAN AT NG PAMAHALAANG LOKAL SA PAMAMAGITAN NG KAGALANG GALANG DENNIS NORMAN T. GO, PUNONG BAYAN NG GERONA, ANG WAGAS NA PAGKILALA AT PAGBATI SA MGA KAPATID NA IGLESIA NI CRISTO, SA IKA-100 NA ANIBERSARYO NG MULING PAGSIBOL NITO, SA IKA-46 ANIBERSARYO NG PAGKATATAG NG MGA SANGAY NG IGLESIA NI CRISTO SA IBANG BANSA AT SA IKA-39 ANIBERSARYO NG PAGTATAG NG NEW ERA UNIVERSITY NGAYONG IKA-27 NG HULYO, 2014 .

SAPAGKAT, ang Iglesia Ni Cristo ay muling sumibol sa Republika ng Pilipinas at sa kamulatan ng tao, at opisyal na naitala sa pamahalaan noong ika-27 ng Hulyo, 1914;

SAPAGKAT, matapos ang pagsibol ng Iglesia Ni Cristo ay nagsimula ang malawakang pamamahayag ng banal na katotohanan at mabuting balita ng kaligtasan ng tao laban sa kasalanan mula sa banal na aklat, sa dako ng Tipas, Rizal;

SAPAGKAT, ang muling pagsibol ng Iglesia Ni Cristo ay hindi nagpagapi sa mga paunang pag-uusig na kanyang dinanas mula sa ibat-ibang sektor ng lipunan;

SAPAGKAT, sa kabila ng pag-uusig laban sa Iglesia Ni Cristo ay nakapagtatag pa ito ng mga sangay sa iba't-ibang bansa pangunahin sa Hawaii noong ika-27 ng Hulyo, 1968 at ngayon ay mayroon ng mga sangay sa mahigit pitumpong (70) bansa sa buong mundo;

SAPAGKAT, sa kabila ng mga dinanas nitong pagsubok naitatag pa ng Iglesia Ni Cristo ang New Era University noong ika-27 ng Hulyo, 1975;

SAPAGKAT, batid natin na ang Relihiyong Iglesia Ni Cristo ay higit na nakasusunod sa pagpapaunlad ng kapaligiran, sa pagpapataas ng antas ng kabuhayan bukod sa pagtulong sa mga kapuspalad at mga may karamdaman kagaya ng kanilang ginawa noong ika-28 ng Hunyo 2013 sa dako ng San Jose, Tarlac;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa mosyon ni Kagalang-galang Edwin R. Yamoyam, at pinangalawahan ni Kgg. Agerico S. Batenga.

PAGTIBAYIN NAWA, HABANG PINAGTITIBAY ito ng Sangguniang Bayan ng Gerona, sa pagpupulong, ang pagpapaabot ng Sangguniang Bayan at ng Pamahalaang Lokal ng Gerona sa pamamagitan ni Kagalang-galang Dennis Norman T. Go, Punong Bayan, ang taos-pusong pagbati sa mga kapatid na Iglesia Ni Cristo, sa ika-100 anibersaryo ng muling pagsibol nito, sa ika-46 anibersaryo ng pagtatag ng mga sangay ng Iglesia Ni Cristo sa ibang bansa at sa ika-39 anibersaryo ng pagtatag ng New Era University noong ika-27 ng Hulyo, 2014.

PAGTIBAYIN DIN, na isulat ang resolusyong ito sa opisyal na talaan, at ipagkaloob ng Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng Punong Bayan ng Gerona sa Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia Ni Cristo.

I certify that the above quoted resolution was unanimously adopted by this Sanggunian during its regular session held on 21 July 2014.

JECIEL M. IGLESIA
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED TO BE DULY ADOPTED:

HOLDEN N. SEMBRANO
Municipal Vice Mayor and Presiding Officer

HON. ELOY C. ECLAR

HON. AGERICO S. BATENGA

HON. EDWIN R. YAMOYAM

HON. EUFROCINO A. BARTOLOME, JR.

HON. PACIFICO L. AGUDO

HON. DAISY DIAMSAY-MAMBA

HON. RAUL P. CRUZ

HON. LEOPOLDO S. TRIVINIO

NOTED BY:

DENNIS NORMAN T. GO
Municipal Mayor